

ARALIN 45

1. Tinupad ba ng Diyos ang Kanyang pangako na bibigyan sina Zacarias at Elizabeth ng isang anak na lalaki?

-Oo.

2. Paano nalaman ni Zacarias na darating ang Tagapagligtas at ililigtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas?

-Dahil nabasa ni Zacarias sa Aklat ng Diyos na ipinangako ng Diyos na ipapadala ang Tagapagligtas.

3. Ano ang gawain na dapat gawin ng anak ni Zacarias na si Juan?

-Si Juan ay mauuna sa Panginoon, upang ihanda ang daan para sa Kanya.

4. Sino ang Panginoong ito, kung saan pupunta si Juan upang ihanda ang daan?

-Si Jesus, Diyos na Tagapagligtas.

5. Paanong ang darating na Tagapagligtas ay katulad ng pagsikat ng araw?

-Kung paanong ang araw sa umaga ay nagbibigay ng liwanag pagkatapos ng napakadilim na gabi, gayon din ang Tagapagligtas ay darating upang magbigay ng liwanag pagkatapos ng kadiliman ni Satanas.

6. Ilang araw ang mayroon sa mundo?

-Isa lamang.

7. Ilang tagapagligtas ang ipinangako ng Diyos na ipapadala?

-Isa lamang.

-Maraming taon na ang nakararaan, nangako ang Diyos kay Abraham, Isaac, at Jacob na ipadadala Niya ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng kanilang lahi.

-Ngayon, pagkaraan ng maraming taon, tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako na ipadadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga kaapu-apuhan ni Abraham, Isaac, at Jacob.

Basahin natin ang Mateo 1:1-2

1-Ito ang aklat ng lahi ni Jesu-Cristo, na anak ni David, na anak ni Abraham.

2-Naging anak ni Abraham si Isaac; naging anak ni Isaac si Jacob; At naging anak ni Jacob si Juda at ang mga kapatid nito.

-Sa anong lahi nanggaling si Jesus?

-Mula sa lahi nina Abraham, Isaac, at Jacob.

-Tulad ng ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta noong unang panahon, si Jesus ay magiging kaapu-apuhan nina Abraham, Isaac, at Jacob.

-Hindi kailanman sinisira ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

-Laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

-Mula sa lahi ng sinong haring Judio nagmula rin si Jesus?

-Mula sa lahi ni Haring David.

-Tulad ng ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta noong unang panahon, si Jesus ay magiging lahi ni Haring David.

- Hindi kailanman sinisira ng Diyos ang Kanyang mga pangako.
- Laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.
- Ang isa pang pangalan para kay Jesus ay Kristo.
- Ano ang ibig sabihin ng pangalan ni Jesus na “Kristo”?
- Ang pangalang “Kristo” ay nangangahulugang propeta, pari, at hari.
- Ang pangalang “Kristo” ay nangangahulugang propeta.
- Si Jesus ay isinugo ng Diyos upang maging pinakadakilang propeta.
- Bakit si Jesus ang magiging pinakadakilang propeta?
- Dahil sasabihin ni Jesus ang pinakadakilang Mensahe, ang mismong mga salita ng Diyos Mismo.
- Si Jesus ay isinugo ng Diyos upang maging pinakadakilang propeta na magsasabi ng pinakadakilang Mensahe.
- Ang pangalang “Kristo” ay nangangahulugan din ng pari.
- Si Jesus ay isinugo ng Diyos upang maging pinakadakilang pari.
- Bakit si Jesus ang magiging pinakadakilang pari?
- Dahil si Jesus ay mag-aalay ng pinakadakilang handog.
- Si Jesus ay isinugo ng Diyos upang maging pinakadakilang pari na mag-aalay ng pinakadakilang handog.

- Ang pangalang “Kristo” ay nangangahulugan din ng hari.
- Si Jesus ay isinugo ng Diyos upang maghari bilang isang inapo ni Haring David.
- Si Jesus ay isinugo ng Diyos upang maging pinakadakilang hari.
- Bakit si Jesus ang magiging pinakadakilang hari?
- Dahil ang paghahari ni Jesus ay magpakailanman.
- Si Jesus ay isinugo ng Diyos upang maging pinakadakilang hari na maghahari magpakailanman.
- Si Jesu-Kristo lamang ang ipinangako ng Diyos na magiging Tagapagligtas.
- Si Jesu-Kristo lamang ang ipinangako ng Diyos na magliligtas sa mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas.
- Nagpadala ang Diyos ng anghel upang sabihin kay Maria na isisilang niya ang Tagapagligtas.
- Ngunit si Maria ay ipinangako na ikakasal sa isang lalaking nagngangalang Jose.
- Narito ang problema:
- Si Maria ay isang birhen at nangakong ikakasal kay Jose, ngunit siya ay nagdadalang-tao.

-Dahil hindi pa kasal si Jose kay Maria, hindi pa siya nagkaroon ng anumang pakikipag-isa sa kanya.

-Dahil nagdadalang-tao si Maria, ano ang inisip ni Jose?

-Inisip ni Jose na si Maria ay nakipag-isa sa ibang lalaki.

-Samakatuwid, naisip ni Jose na hihiwalayan niya si Maria.

Basahin natin ang Mateo 1:18-19

18-Ganito ang pagkapanganak kay Jesu-Cristo. Nang si Maria na kanyang ina ay nakatakdang ikasal kay Jose, bago sila magsama, si Maria ay natuklasang nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

19-Si Jose na kanyang asawa, palibhasa'y isang taong matuwid at ayaw ilagay sa kahihyan si Maria, ay nagpasiya na lamang na kanyang hiwalayan ito nang lihim.

-Si Maria ba ay nakipag-isa sa isang lalaki?

-Hindi.

-Kung gayon paano nabuntis si Maria?

-Gumawa ng himala ang Diyos Espiritu Santo, at nagdalang-tao si Maria.

-Ang bata na nasa sinapupunan ni Maria ay ang Diyos na Tagapagligtas.

-Hindi nais ng Diyos na hiwalayan ni Jose si Maria.

-Samakatuwid, nagpadala ang Diyos ng isang anghel upang makipag-usap kay Jose sa isang panaginip.

Basahin natin ang Mateo 1:20-21

20-Ngunit samantalang pinag-iisipan niya ito, ang isang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kanya sa panaginip na nagsasabi: “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria na iyong asawa sapagkat ang ipinaglilahi niya ay mula sa Espiritu Santo.

21-Siya'y manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag mo sa kanya ay Jesus, sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan.”

-Ano ang sinabi ng anghel kay Jose sa kanyang panaginip?

-Sinabi ng anghel na nagdalang tao si Maria na isang himala gawa ng Banal na Espiritu.

-Sinabi ng anghel na ang sanggol ni Maria ay ang Diyos na Tagapagligtas.

-Sinabi ng anghel na aakuin ni Jose si Maria bilang kanyang asawa.

-Sinabi din ng anghel na papangalanan ni Jose ang sanggol ni Maria na Jesus.

-Si Jesus ay isinilang sa mundong ito upang iligtas tayong mga tao.

-Si Jesus ay naparito upang iligtas tayo mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

-Si Jesus ay dumating upang iligtas tayo mula sa kapangyarihan ng kamatayan.

-Si Jesus ay dumating upang iligtas tayo mula sa kapangyarihan ni Satanas.

Basahin natin ang Mateo 1:22-23

22-Nangyari nga ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta:

23-“Narito, magdadalang-tao ang isang birhen at manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag nila sa kanya ay Emmanuel” (na ang ibig sabihin ay kasama natin ang Diyos).

-Sinabi ng mga propeta na ang Tagapagligtas ay ipanganganak mula sa isang birhen.

-Tulad ng ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta noong unang panahon, si Jesus ay ipanganganak ng isang birhen.

-Dahil si Jesus ay Diyos, Siya ay dapat magkaroon ng maraming pangalan.

-Ang isa pang pangalan ni Jesus ay Immanuel.

-Ano ang ibig sabihin ng pangalang “Immanuel”?

-Ang pangalang Immanuel ay nangangahulugang “Ang Diyos ay kasama natin.”

-Bakit si Jesus ay tatawaging Immanuel?

-Dahil si Jesus ay Diyos ang Tagapagligtas na darating upang manirahan kasama natin.

-Ang isisilang na sanggol ni Maria ay si Jesus, ang Diyos na Tagapagligtas, na nagmula sa langit upang manirahan kasama natin.

-Ano ang ginawa ni Jose nang magising siya mula sa kanyang panaginip?

Basahin natin ang Mateo 1:24-25

24-Nang bumangon si Jose mula sa pagkakatulog, ginawa niya ang ipinag-utos sa kanya ng anghel ng Panginoon. Siya’y kanyang tinanggap bilang kanyang asawa.

25-Ngunit hindi niya ito nakilala hanggang sa maipanganak nito ang isang lalaki na pinangalanan niyang Jesus.

-Sinunod ni Jose ang sinabi sa kanya ng Diyos sa pamamagitan ng anghel.

-Inuwi ni Jose si Maria bilang kanyang asawa.

-Ngunit si Jose ay walang kaugnayan kay Maria hanggang sa maipanganak niya ang kanyang anak.

-Sa susunod na aralin, malalaman natin ang kapanganakan ni Jesus.